Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-13 NG MARSO, 2002, ARAW NG MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:30 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Florencio C. Odejar ............... | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon | Tagapangulo |
| Kgg. Bernardo E. Ison ............... | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat ............... | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca ............... | Kagawad |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. ............... | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez ............... | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco ............... | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor ............... | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS ............... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Nasa lakad opisyal |
| Kgg. Purita P. Sarmiento ............... | Kagawad |

*KAPASIYAHAN BLG. 099-T'2002*

*KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG ANNUAL INVESTMENT PLAN (AIP) NG BARANGAY SAN JOSE NA NAGKAKAHALAGA NG DALAWANG DAAN LABING ANIM NA LIBO WALONGDAAN LIMAMPU'T ANIM NA PISO AT APATNAPUNG SENTIMOS (P216,856.40).*

*SAPAGKA'T*, may mga binalangkas na programa, proyekto at gawain ang Sangguniang Barangay ng San Jose para sa taong ito na paglalaanan ng 20 bahagdang kabahagi ng rentas-internas;

*SAPAGKA'T*, matapos na ito ay masuri at malaman na ang mga binalangkas na programa, gawain at proyekto ay tumutugon sa pangangailangan ng nabanggit na barangay at naaayon sa itinatadhana ng LBC #70 ay inirekomenda ng Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi ng Sangguniang Bayan na pagtibayin na ang AIP ng Barangay San Jose.

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO*, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Eugenio A. Javier, Jr., na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Louie C. de Leon, Edgardo T. Porca at Roselon F. Pamatmat at sa buong pagsang-ayon ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN* : Na pagtibayin ang Annual Investment Plan (AIP) ng Barangay San Jose na nagkakahalaga ng P216,856.40.

*INIUUTOS* : Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos at Sang. Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos at Sang. Barangay ng San Jose, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY.*

*PINATUTUNAYAN* kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

KGG. FLORENCIO C. ODEJAR
Kagawad
Gumanap na Tagapangulo

PINAGTIBAY:

KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan